Para sa boluntaryong (sariling kusa) na pagbabakuna

# Pagbabakuna para sa Hepatitis B na Bakuna (Heptavax®-II)

**Upang ipatupad ang pagbakuna laban sa Hepatitis B, kinakailangan malaman ng mabuti ang kalusugan ng taong tatanggap ng bakuna. Dahil dito, hangga't sa makakaya, dapat isagot nang detalyado ang mga katanungan para sa medikal na kasaysayan bago ng pag-eksamen ng doktor. Kung bata, dapat ang magulang na nakakaalam nang mabuti sa kalusugan ng bata ang sasagot sa mga katanungan.**

## ○Ang mga katangian at mga pangalawang epekto ng bakuna

Ang bakuna para sa Hepatitis B ay bunga ng paggamit ng teknolohiya na nakakamamanipula ng genes. Karaniwan, bilang panlaban sa Hepatitis B, ipinapapatupad ang pagbabakuna ng tatlong beses. Ang unang beses, ang unang buwan (4 na linggo pagkatapos ng unang beses) at angika-6 na buwan (20-24 na linggo pagkatapos ng unang bakuna).

Ang pinakakaraniwang pangalawang epekto ay ang pagkaranas ng kirot, pamumula o pamamantal sa balat, pangangati, pamamaga o paninigas sa lugar ng katawan na naturukan, maari rin makaranas ng binat o lagnat, pagkapagod o panghihina ng kamay at iba pa. Bukod dito, hindi kadalasan nangyayari ngunit maaring makaranas ng pagkabigla, sintomas ng alerhiya (pagbaba ng altapresyon, kahirapan sa paghinga, pamumutla ng mukha at iba pa), multiple sclerosis, acute disseminated encephalomyelitis, myelitis, optic neuritis, sakit na Guillain-Barre, o diperensiya sa peripheral nervous system. Kung mayroong mapansin na abnormalidad, kaagad-agad sumangguni sa doktor.

## ○Ang mga sumusunod ay di maaring makatanggap ng pagbakuna

1. Ang mga halatang may lagnat (Karaniwang may temperatura ng higit sa 37.5 Sentigrado. )
2. Ang mga halatang may lubhang karamdaman
3. Ang mga nagpapakita ng sintomas ng alerhiya dulot ng alinmang sangkap ng bakunang ito (Magkonsulta sa doktor para sa karagdagang detalye.)
4. Ang mga hindi naaangkop na tumanggap ng bakuna bukod sa naisaad.

## ○Ang mga sumusunod ay dapat magkonsulta sa doktor bago mabakunahan

1. Ang mga may sakit kaugnay sa puso o pagdaloy ng dugo, may sakit sa bato, may sakit sa atay, may sakit sa dugo o aberya sa pag-unlad ng utak at iba pang karamdaman
2. Ang mga nagkalagnat sa loob ng 2 araw matapos ng pagbakuna, at mga nagpakita ng sintomas ng alerhiya katulad ng malawakang pamamantal ng balat
3. Ang mga nakaranas ng kombulsyon.
4. Ang mga nagpatingin tungkol sa immunodeficiency o aberya sa pagtanggol ng katawan laban sa sakit at ang mga may malapit na kamag-anak na may immunodeficiency mula kapanganakan.
5. Ang mga may panganib na magpakita ng sintomas ng alerhiya sa alinmang sangkap ng bakunang ito. (Para sa detalyeng impormasyon, tanungin ang inyong doktor).
6. Mga babae na nagdadalang-tao o may posibilidad na nagdadalang-tao

## ○Magkasabay na pagbabakuna sa (mga) ibang bakuna

Ang mga magkasabay na pagbabakuna sa ibang klase ng (mga) bakuna ay pinapayagan kung naituring na kailangan ng doktor.

## ○Mga paalala matapos ng pagbakuna

1. Sa loob ng 30 minuto matapos ng pagtanggap ng bakuna ay maaring magpamalas ang mabilis na pangalawang epekto katulad ng nakamamatay na sintomas ng alerhiya kaya maniguradong kayo ay nananatili sa ospital o medikal na institusyon, nababantay ang anyo, at kaagad maka-kontak sa doktor.
2. Iwasan ang matinding ehersisyo sa araw ng pagbakuna. (Hindi hinahadlang ang pagligo sa araw ng pagbakuna. Ngunit huwag kuskusin ang lugar na tuturukan.)
3. Matapos ang pagbakuna maaring makaranas ng pamamaga o ng pamumula sa bahagi na tinurukan ngunit karaniwan ito ay mahina at nawawala pagkalipas ng ilang araw.
4. Mag-ingat sa inyong kalusugan pagkatapos ng pagbakuna. Kung biglang nagkaroon ng mataas na lagnat, pagbabago sa kondisyon ng katawan, at ibang di-karaniwang reaksyon sa bahaging tinurukan, magmadaling magpatingin sa doktor.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Skedyul ng pagbabakuna** | Buwan Araw (araw ng linggo)<br>Mga oras minuto | **Pangalan ng ospital o institusyon** | |

**[Para sa inyong kaalaman]**

Kapag nagkaroon ng pinsala sa kalusugan buhat ng pagbakuna laban sa rotavirus, maaring makatanggap ng pangtustos sa paggamot sa pamamagitan ng "Sistema ng tulong para sa masamang epekto dulot ng gamot". Para sa mga detalye, ibisita ang website ng Ahensya ng Gamot at Medikal na Aparato (PMDA).

**[Ang sistema ng tulong para sa masamang epekto dulot ng gamut]**

Upang matulungan ang mga nakaranas ng pinsala sa kanilang kalusugan katulad ng sakit o kapansan na humantong sa pangangailangan na ma-ospital dulot ng pangalawang epekto ng gamot kahit na nagamit ang gamot sa tamang paraan, ang sistema ay magpapatupad ng paglaan para sa gastusin ng paggamot, benepisyo para sa paggamot at pensyon para sa nagkaroon ng kapansan at iba pa. Sa pagkakataong ito kinakailangan ang patunay ng pag-eksamen ng doktor, patunay ng pagbigay ng gamot at iba pang dokyumento. Para sa paghiling ng tulong pinansyal, unang-una makipagkonsulta kayo sa Ahensya ng Gamot at Medikal na Aparato (PMDA).

**Para sa inyong mga katanungan:**

**Window ng konsultasyon sa sistema ng ginhawa sa salungat na reaksiyon sa gamot, Ahensiya ng Gamot at Medikal na Aparato**

**TELEPONO : 0120-149-931 (walang singil na numero) URL :** https://www.pmda.go.jp/kenkouhigai_camp/index.html

2023 年 4 月作成
HB223OT0011

# Medikal na kasaysayan para sa pagbakuna laban sa Hepatitis-B (Hepavax®-Ⅱ)
# (Boluntaryong pagbabakuna)

**＊ Para sa tatanggap ng bakuna o ng kanilang magulang o tagapag-alaga: Sa loob ng mga kahon na napapaloob ng makapal na linya Magsulat sa loob ng [ ] lamang.**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pangalan nakasulat sa hiragana o katakana | | Lalaki / Babae | Temperatura ng katawan bago ng eksamen | Sentigrado |
| Pangalan ng tatanggap ng bakuna | | | Petsa ng kapanganakan | Taon Buwan Araw (Edad Taon Buwan) |
| (Pangalan ng magulang o tagapag-aalaga) | | | Tirahan | |
| | | | Numero ng Telepono | ( ) - |

**＊Magsulat sa hanay ng mga sagot sa loob ng mga kahon na napapaloob ng makapal na linya lamang.**

| | Katanungan | Sagot | | Komento ng doktor |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Nabasa at naunawaan ba ninyo ang pagpapaliwanag tungkol sa pagbakuna laban sa Hepatitis B na tatanggapin ninyo ngayong araw? | Hindi | Oo | |
| 2. | Ika-ilang beses ng pagbakuna laban sa Hepatitis B ang tatanggapin ninyo ngayong araw? | ika- ( ) | | |
| 3. | Nakaranas ba kayo ng masamang pakiramdam sa katawan ninyo sa araw na ito?<br>Pakisulat ang eksaktong sintomas ( ) | Oo | Hindi | |
| 4. | Nakaranas ba kayo ng karamdaman na tumagal sa loob ng isang buwan kamakailan?<br>Pangalan ng sakit ( ) | Oo | Hindi | |
| 5. | Mayroon ba sa pamilya o tao sa kapaligiran ninyo ang nagkasakit ng tigdas, tigdas hangin, bulutong-tubig, beke o katulad ng mga ito sa loob ng nakaraang buwan?<br>Pangalan ng sakit ( ) | Oo | Hindi | |
| 6. | Nakatanggap ka ba ng bakuna sa loob ng nakaraang buwan?<br>Pangalan ng bakuna ( ) | Oo | Hindi | |
| 7. | Na-eksamen na ba ng doktor para sa natatanging sakit? (sakit sa puso o sa pagdaloy ng dugo, sa bato, sa atay, sa dugo, aberya sa pag-unlad ng utak, aberya sa pagtanggol ng katawan laban sa sakit)<br>Pangalan ng sakit ( ) | Oo | Hindi | |
| | Sinabihan ba kayo ng doktor na nag-eksamen sa sakit na iyon na maaring magpabakuna sa araw na ito? | Oo | Hindi | |
| 8. | Nakaranas na ba ng kombulsyon?<br>(Ang pinakahuli ay banda noong Taon Buwan ) | Oo | Hindi | |
| | Noong nangyari ito, nagkalagnat ba kayo? | Oo | Hindi | |
| 9. | Nagkaroon ba ng pamumula o pamamantal sa balat o ng karamdaman dulot ng gamot o pagkain? | Oo | Hindi | |
| 10. | Mayroon ba sa malapit na kamag-anak ninyo ang nasurian na may congenital immunodeficiency o aberya sa pagtanggol ng katawan laban sa sakit mula pagkasilang pa nila? | Oo | Hindi | |
| 11. | Nakaranas na ba ng karamdaman sanhi ng pagtanggap ng bakuna?<br>Pangalan ng bakuna・sintomas ( ) | Oo | Hindi | |
| 12. | Mayroon ba sa malapit na kamag-anak ninyo ang nagkaroon ng karamdaman sanhi ng pagtanggap ng bakuna? | Oo | Hindi | |
| 13. | (Kung ang bata ang tatanggap ng bakuna) Nagkaroon ba ng abnormalidad sa panahon ng kanyang kapanganakan, bago o matapos ng kanyang pagkasilang, sa panahon ng pag-eksamen sa sanggol ng pediatriko at ibang panahon katulad ng mga ito?<br>Kung mayroon, pakisulat ang detalye ( ) | Oo | Hindi | |
| 14. | (Para sa kababaihan) Nagdadalang-tao ba kayo sa kasalukuyan? | Oo | Hindi | |
| 15. | Mayroon ba kayong katanungan tungkol sa pagtanggap ng bakuna sa araw na ito? | Oo | Hindi | |
| 16. | Pakisulat ng detalyado kung mayroon kayong ibang nais ipahiwatig na may kinalaman sa inyong kalusugan. | | | |
| 17. | Komento ng doctor<br>Batay sa resulta ng nakasaad na pagtanong at pag-eksamen ang pagtanggap ng bakuna sa araw na ito ay (maaari・dapat ipagibang-araw).<br>Naipaliwanag ko sa tatanggap ng bakuna (o sa kanilang magulang o tagapag-alaga) ang epekto at pangalawang epekto ng bakuna nito, at ang tulong dulot ng Batas ng Ahensya ng Gamot at Medikal na Aparato ng Japan (Pharmaceuticals and Medical Devices Agency Act).<br>Lagda ng doctor | | | |

Nais pa ba ninyong magpabakuna matapos naitanggap ang pag-eksamen at pagpapaliwanag ng doktor tungkol sa epekto at layunin ng bakuna, ang posibilidad ng malubhang pangalawang epekto, at ang tulong buhat ng Batas ng Ahensya ng Gamot at Medikal na Aparato ng Japan (Pharmaceuticals and Medical Devices Agency Act). ( Nais ko magpabakuna / Hindi ko nais magpabakuna )

Lagda ng tatanggap ng bakuna (o ng kanilang magulang o tagapag-alaga)

| Pangalan ng gagamiting bakuna | | Paggamit・Dami | Lugar ipinatupad・Pangalan ng doktor・Araw ng pagbakuna | |
|---|---|---|---|---|
| HEPTAVAX®-Ⅱ<br>(bakuna para sa Hepatitis B na namuo mula sa pamamanipula ng genetikong materyales)<br>(mula sa lebadura) | | □0.25mL (wala pang 10 taong gulang)<br>(sa ilalim lamang ng balat)<br>□0.5mL (10 taong gulang pataas)<br>(sa ilalim ng balat o sa loob ng kalamnan) | Lugar ipinatupad<br>Pangalan ng doktor<br>Araw ng pagbakuna | Petsa<br>Taon Buwan Araw |
| Pangalan ng kumpanyang gumawa ng bakuna<br>Lot No.<br>Rekord No. | M S D K.K. | | | |
| Paalala : Kumpirmahin hindi pa lampas ng expiration date o petsa ng pagkawala ng bisa. | | | | |

**Ang nakasaad na personal na impormasyon ay gagamitin lamang bilang medikal na kasaysayan para sa pagtanggap ng bakuna.**